

1

“It’s unfair! Bakit gano’n? Ako na lang lagi ang nagsasakripisyo para sa kaligayahan ng iba...” puno ng kadramahang himutok ni Ivy, pagkatapos ay marahang dinagukan ang sariling dibdib at saka nag-emote. “Kailan ninyo maisip na may karapatan din akong lumigaya, ha? Kailan? Sawang-sawa na ako sa pagpaparaya. Pagod na pagod na ang puso ko...” At iniarko niya ang isang kilay. “*Etchos!*”

Wala siyang kausap kundi ang sarili, sa harap ng malaking salamin sa banyo ng kuwarto.

Hindi naman kasi niya puwedeng ibulalas ang nararamdaman dahil tiyak na makukurot siya ng abuela. Ang matanda ang nagpasya na kailangan muna niyang lumayo pansamantala, magsakripisyo at magparaya, dahil siya ang mas nakakaunawa. Alang-alang daw sa ikapapanatag ng pinsan niyang si Carla. Pinagbibintangan siya nitong home-wrecker.

“Ivy, may sinasabi ka ba?” anang Lola Lucing niya na kinatok pa ang pinto ng banyo.

“Wala po,” tugon niya, at itinirik ang mga mata. *Wala naman akong karapatang magreklamo o*

sundin kung ano ang gusto ko, di po ba? Dahil para sa kabutihan ko rin ang pasya ninyo.

“Pumarine ka nga at ikaw ang mag-ayos nitong mga damit mo sa maleta.”

Napilitan siyang lumabas ng banyo at buong lambing na yumakap sa matanda. “Lola, ayoko pong umalis. Kung gusto ninyo hindi na lang ako lalabas ng bahay para hindi ako makita ni Carla. La, ayoko talagang umalis.”

Sa gulang na beinte cinco ay mayroon pa rin siyang separation anxiety sa abuela na siyang nagpalaki sa kanya. Ang anxiety rin na iyon ang dahilan kaya mas pinili niyang manatili sa poder nito kaysa manirahan sa ibang bansa kasama ang sariling ina at ang bagong pamilya nito.

“Maryosep naman itong batang ito, hindi ba’t tapos na ang usapan natin tungkol dito?” Inalis nito ang mga kamay niyang nakasalikop sa baywang nito at saka inakay siya paupo sa kama. “Apo, hindi ka naman habambuhay aalis. Pansamantala lamang, hanggang lumamig ang sitwasyon.”

“Hindi ko naman kasi kailangang umalis,” nakasimangot niyang pahayag. “Malinis ang konsyensya ko. Wala kaming lihim na relasyon ni

Jorge.” Ang tinutukoy niya ay ang ex-boyfriend na pinikot ng pinsan niyang si Carla. At ngayon ay siya pa ang pinagbibintangang nang-aagaw ng lalaki. “Kung aalis ako, di parang ako ang guilty—”

“Oo, naroon na tayo. Ang sa akin lang, ikaw ang nakakaunawa, ikaw na ang magparaya.”

Sabi ko nga po. Hindi na pinakinggan ni Ivy ang iba pang sinasabi ng Lola Lucing niya. Saulado na niya ang mga argumento nito. Sa maraming beses niyang pakikipagtalo at pagtatanggol sa sarili ay hindi pa siya nanalo ni minsan. Naniniwala naman daw itong hindi niya aagawin ang asawa ng pinsan niya, ang sa matanda lang ay makaiwas sa eskandalo ang kanilang angkan.

At lalabas na ako ang makakasira sa pagkagandang imahe ng angkan natin kapag hindi ako lumayas, kapag hindi ako pumayag sa voluntary exile na ipinanukala ninyo!

“Hayaan mo, apo, darating din ang panahon na ikaw rin ang liligaya.”

“Hindi na po darating iyon kung palagi n’yo akong pinag-gi-give way,” kandahaba ang ngusong sagot niya. Unang pagpaparaya niya ay nang sulutin ni Carla si Jorge— at nagpasulot naman ang tinamaan

ng magaling na lalaki.

Pangalawa, she was ordered to give up her job when she was courted by her married boss. At pangatlo ngayon, ang obligatory exile.

“Sabi n’yo wala kayong paboritong apo, pero ang totoo mayroon. At si Carla ’yon.”

“Pantay-pantay ang pagtingin ko sa inyong lahat,” mariing pahayag ng abuela sabay halukipkip. Palatandaan iyon na hindi ito tatanggap ng anumang counter argument.

“Eh, bakit palaging siya ang pinagbibigyan? Lahat ng gusto niya sinusunod?”

Pinandilatan siya ng matanda. “Gusto mong magkapalit kayo ng katayuan?”

Sunud-sunod ang kanyang ginawang pag-iling. Siyempre ayaw niya. May sabi-sabi na naurungan daw ng monthly period ang pinsan niya. Katunayan ay minsan na itong na-admit sa isang ospital sa Mandaluyong pero wala pang isang buwan ay nakalabas na uli. Iyon ang dahilan kaya madalas pagbigyan ang anumang naisin nito.

Ivy suspected that Carla was just glamorizing her *condition*.

“Kung magpanggap na lang din kaya akong may kaunting sayad, La?” desperada niyang naisip. Hangga’t may posibilidad na makalusot ay hindi niya palalampasin. Hindi niya gustong ma-exile.

“Bagtit.” Marahan siya nitong kinutusan. “Hindi mo na kailangang magpanggap. May *kaunti* ka talaga. Baka nga hindi lang kaunti.” Tumayo na ito at ibinagsak sa kanyang kandungan ang hawak na mga damit. “Siya, sinupin mo na ang mga gamit mo. Kahapon pa kita pinagagayak, Ivy, ha. Hindi mo ako sinusunod. Mamaya niyan biglang pumarito si Mrs. Berlinguer, nakakahiya at hindi ka pa gayak.”

Si Mrs. Berlinguer ang pilantropong kaibigan ng *kura paroko* ng bayan nila. Doon daw muna siya titira hangga’t itong si Carla ay mainit ang mata sa kanya. Mabait daw ang ginang na iyon, nasa mid-fifties, biyuda, walang anak pero aktibo ang social life at may mga negosyong pinagkakaabalahan. Kung bakit ang imahe ni Annabelle Rama ang lumabas sa kanyang balintataw, hindi rin alam ni Ivy.

Sa halip tuloy na mag-empake ay patamad niyang ibinagsak ang sarili sa kama. “Kung sa *Monte Carmello* na lang po kaya muna ako tumira?” Retreat house iyon na pinamamahalaan ni Sister Filomena.

Pinsan ng lola niya ang madre at kapatid nito ang

pari. Iyon ang pinakadahilan kung bakit obligadong dapat palaging maganda ang imahe ng angka nila. Not to mention na kamag-anak din nila ang school principal, ilang guro at mga manang ng simbahan, ang first vote na konsehal at, take note, Ulirang Ina ng Sambahayan Awardee ang Lola Lucing niya.

Siguradong talk-of-the-town ang angka ng Rivera kapag kumalat ang tsismis na kalaguyo niya ang kanyang ex-bf turned cousin-in-law.

“Di lalo ka nang natsismis!” singhal ng lola niya.

Oo nga pala, gitarista ng church choir si Jorge at sa hardin ng retreat house madalas ganapin ang ensayo ng mga ito. “Kung bakit ba naman kasi ang dami-daming puwedeng maugnay sa iyo, puro may mga asawa pa. Iyon bang si SP04 Montes nanliligaw pa rin sa iyo? Kumukulo ang dugo ko kapag nakikita ang pulis na ’yon. May asawa’t anak na’y astang binata pa rin ang herodes.”

Matagal nang busted kay Ivy ang nasabing pulis. “Lola, limang taon na po silang hiwalay ng asawa niya.”

“Kahit na. Kasal pa rin sila. Hangga’t buhay ang asawa, may bisa ang kasal. Kalokohan ang diborsyo. Nakasulat iyon sa *Biblia*.”

Amen. “Si Lenard po, binata at hindi kasal. Siya na lang—”

“Maglubay ka nga, Ivy,” muling sansala ng abuela. “Binata nga, pero dalawa na ang panganay. Ina ng Awa!” umiiling na sabi nito. “Isa pa iyang dahilan kaya gusto ko munang umalis ka sa bayan na ito, para malayo ka sa mga manliligaw mong hihilahin ka lang magtampisaw sa kasalanan. Hay naku, bakit ba ika’y lapitin ng mga lalaking may pananagutan na?”

Malay ko po. During college days naman, mga binata ang suitors ko. Isa na si Jorge...

Minsan ay hindi sinasadyang napakinggan niya ang pag-uusap ng lola niya at ng isang kamag-anak. Naniniwala ang mga ito na namana niya ang infirmity daw ng kanyang ina. Her mother fell in love with a married man. In plain language, pumatol sa may asawa ang ina niya, na sa paningin ng mga moralista ay isang kalandian. Pero para kay Ivy, nagkamali lang ang mama niya. Hinahangaan niya ito dahil bumangon itong muli pagkatapos madapa. Ang papa niya ang panganay na anak ng abuela.

“Naku, ikaw na bata ka, dinadaan mo ako sa kuwento. Hala, mag-empake ka na.”

Daig pa ni Ivy ang ilang araw na hindi pinakain

sa bagal ng pagkilos. Sa isip ay gusto niyang sakalin ang adelantadang si Carla. Pero wala siyang ibang choice kundi piliting kalabanin ang separation anxiety huwag lamang mapagbintangang home-wrecker at huwag na lang maangkat ang nagawang kasalanan ng mama niya.

Gumawa na lang si Ivy ng sariling mantra. *Ako ang mas nakakaunawa, ako ang dapat na umintindi. Time will come magiging maligaya rin ako. Tulungan nawa ako ng aking fairy godmother.*

Nagsimula lang naman ang ground for exile niyang ito sa maling hinala ng pinsan ilang linggo pa lang ang nakalilipas. Nang mapag-isa siya sa kwarto at mamayani ang katahimikan ay parang nagsusumigaw sa isipan niya ang mga salitang binitiwang sa kanya ng pinsang public school teacher.

“May relasyon kayo ng asawa ko, ano?” Sa tono ng pananalita nito ay mas lamang ang pagbibintang kaysa sa pagtatanong.

Mahina lang at halos pabulong ang pagsasalita ni Carla, pero nakakabingi ang impact sa kanya. Pasimple siyang tinabihan nito sa bench na inuupuan sa wake ng high school teacher nila. Kung titingnan sa malayo, animo sila sanggang-dikit na nagkukuwentuhan.

“Nangtitrip ka ba, Carla, o seryoso ka? Nagkakamali ka sa ibi—”

“Shut up!” Bahagyang napalakas iyon kaya may mangilan-ngilang napatingin sa kanila. Si Carla na rin ang gumawa ng paraan para hindi ito makaagaw ng pansin ng mga tao. “Ito talagang pinsan ko na ito masyadong palabiro...” sabi nitong tumatawa kunwari at animo’y aliw na aliw sa kanya. “Really, I don’t believe you.”

“Ako ang hindi makapaniwala sa mga pinagsasabi mo,” pikon niyang pahayag. “Excuse me!” Umakto siyang lalayanan ito pero maagap si Carla na nahila ang kamay niya.

“Sit down,” ani Carla na animo isa siya sa mga estudyante nito. “Unless gusto mong lakasan ko ang boses ko para marinig ng lahat ang natuklasan kong pakikipagrelasyon mo sa asawa ko.”

Alam niyang kaya iyong totohanin ni Carla. Pagtitiyagaan na lamang niyang makinig mag-isa sa maaanghang na bintang nito kesa naman i-broadcast pa nito sa kalipunan ng mga tao roon ang maling istoryang nabuo sa imahinasyon nito.

“Carla, huwag mo akong isali sa away ninyong mag-asawa. Iyong-iyo si Jorge. Matagal ko na siyang

ipinaubaya sa iyo.”

Ikinumpas ni Carla ang mga kamay sa hangin na parang sinasabing wala itong panahong makinig sa kanya. “From now on, layuan mo si Jorge at walang makakaalam sa kasalanang ginawa ninyo sa akin.”

“Saan mo ba nakuha ang lintik na ideyang yan?”

Minsan pa nitong ikinumpas ang kamay. “Manangmana ka talaga sa mama mo. Kapag nahuli ko kayo, Ivy, pasensyahan tayo. Kakalat ito sa buong bayan.”

Gusto sana niyang sabihing ‘Kiber’ pero nagbago ang isip niya dahil sa mga sinabi pa nito.

“Hindi lang kayo ni Jorge ang maeeskandalo. Tayong lahat.”

Ivy realized kung gaano kalaking eskandalo at kahihiyang ang malilikha kung hinamon niya si Carla na magwala. She could honestly say na wala siyang kinalaman sa ibinibintang nito. Pero ang tsismis ay tsismis at malamang na paniwalaan ng mga tao lalo na kung bago sa pandinig ng mga ito.

Nagpatuloy si Carla. “Our relatives are quite the moralists, too,” she said sarcastically. “Huwag na huwag mong sisirain ang pamilya ko!”

Hindi na nakaimik si Ivy. Alam niya ang

tinutumbok ng pananalita nito at alam niyang may kakayanan itong i-defame siya. Magpatawag lang ito ng PTA meeting at doon siya sisiraan, daig pa ang nag-organize ng press conference. Tiyak na trending topic siya sa buong bayan ora mismo.

Lalo pang lumala ang sitwasyon nitong mga nakaraang araw dahil gumawa ng paraan si Jorge na makausap siya. Sa tuwing matatapos ang duty nito bilang nurse ay dumadaan ito sa grocery store nila dahil gusto raw nitong magkausap sila para humingi ng paumanhin. Siyempre pa ay itinataboy niya pero makulit din ang kumag. Minsan ay tumambay sa tindahan si Carla at naaktuhan ang asawang dumating. Muntik na itong magwala. Mabuti at naroon ang abuela nila na umawat.

Speaking of grocery store, ayaw niyang iwan iyon dahil siya ang nagpalago ng negosyong iyon. Doon niya ibinuhos ang buong atensyon mula nang iwan niya ang trabaho sa accounting department sa munisipyo. Mula sa tatlong tauhan ng lola niya ay pito na ngayon at nagbabalak pa sana siyang mag-branch out kung di lang siya na-distract ng walang kuwentang isyu na ibinibintang ng pinsang may kaunti.

2

Isa-isang binubuklat ni William ang mga brochures na ibinigay sa kanya ng best friend at business partner na si Ramon. Tungkol iyon sa iba't ibang tourist spots and destinations sa bansa. Nag-aaya itong mag-unwind at mag-relax-relax naman dahil mahigit sampung buwan na silang subsob sa trabaho.

Construction firm ang line of business ng kompanya nilang *Eagle Builders*. Mula sa preparation sa pagsali nila sa bidding para makuha ang proyekto hanggang sa pagbili ng mga materyales at pagko-construct mismo ng building ay personal nilang sinubaybayan. Kaya hindi kataka-takang maging matagumpay ang bawat proyekto.

Dalawang brochures ang agad niyang ni-reject dahil parehong beach resort iyon. Hindi naman siya galit sa beach, nagsawa na lamang siya dahil nitong mga nakaraang buwan ay halos sa tabing-dagat sila nakatira habang tinatapos ang 7-storey hotel project sa baybayin ng Puerto Princessa City.

Ang ikatlo ay resort pa rin pero sa package deal ay may kasamang scuba diving at nature tripping. Again, he rejected it.

He wanted something new, something exciting. Iyong may thrill.

Something caught his attention.

‘WILD RIVER RAFTING, tough adventures for tough men. Iyon ang nabasa niyang nakasulat sa cover ng brochure. Sa ibaba nito ay pictures ng mga nagra-raft sa gitna ng rumaragasang tubig sa ilog.

“This is it.” Excited niyang binasa ang iba pang detalye. “Para ko nang naririnig ang ingay ng tubig sa ilog. Wow!”

Kinuha niya ang laptop para i-search sa Internet ang website na nakita niya sa brochure. Higit na maganda ang mga pictures na naka-upload doon. Isa nga sa mga shots ay nagpapakitang nakaangat na sa tubig ang isang rubber raft pagkaraang madaanan ang malakas na water current.

Panay ang tunog ng message alert ng kanyang cellphone pero hindi niya pinapansin. Napilitan lamang siyang damputin nang call alert na ang kanyang marinig.

“Yes?”

“Pare, problema.” Si Pete, pinsan niya sa mother side at kasosyo rin sa negosyo.

Apat silang may ari ng *Eagle Builders*. Siya at si Pete ay parehong civil engineer samantalang si Ramon at ang isa pa nilang kasosyo na si Enrico ay pawang mga architect.

“Sa business, pleasure, girls or charity?” pagbibiro niya na hindi inaalis ang tingin sa screen ng laptop.

“Hmm, charity?” Bakas ang pagkayamot sa tinig ni Pete.

“Naibigay na natin sa foundation ang tseke ng donasyon natin, last week pa. Nanghihingi ba ng dagdag si Tita Minerva?” Ang tinutukoy niya ay ang founder ng charitable institution na beneficiary ng kanilang kompanya. Actually, tiyahin niya sa father side ang babae.

“Ang totoo, hindi sa foundation ang problema, ang tita mo mismo.”

“Alam ko na. Hindi pumayag ang Tita Minerva na ikaw ang gumawa ng blueprint ng ipapa-renovate niyang building, tama?” Kinumpirma iyon ni Pete. “Don’t worry, ako na ang bahala. Aasikasuhin ko ’yon agad pagdating ko galing sa bakasyon.”

“Iyon ang sinasabi kong problema, bro. Apektado ang bakasyon mo dahil next week ka na pinag-report ni Madam Minerva. Don’t you dare disappoint

her daw, nagbanta siyang maaapektuhan ang dalawang proyekto natin next month.”

Tila natauhan si William sa narinig. “Ano? She can’t do that, Pete.” Napatayo siya.

“She can, and she did. In fact, tumawag na ang staff ni Mr. Hanson, ipinapa-reschedule ang petsa ng contract signing natin sa kanila. Sayang ’yon, Will. I’m really sorry, but I did my best. I brought my best designs, pero talagang walang nagustuhan si Tita Minerva. I think it’s not just the service of *Eagle Builders* that she needs. It’s you.”

Pagkarinig sa rason ni Pete ay bahagyang pumanatag si William. Ano lang ba ang isang linggong bakasyon kumpara sa pag-aaruga at pagmamahal na ibinigay sa kanya ng tiyahin noong bata pa siya? Maaga siyang naulila sa ina at ito na ang tumayong pangalawang ina niya.

“I understand. Huwag kayong mag-alala, hindi mawawala sa atin ang project,” paniniyak niya. Nakuha nila ang project through Minerva’s referral.

Kaibigan nito ang British philanthropist na magdo-donate ng ilang public school buildings sa bansa. “Even if it means sacrificing my own vacation.” Next week na ang schedule ng bakasyon nila ni

Ramon at pagbalik nila ay sina Enrico at Pete ang aalis.

Pagkatapos nilang mag-usap ay naalala niyang pakinggan ang mga messages sa landline niya dahil ilang araw rin siyang hindi umuwi ng bahay. Maliban sa tawag ni Tita Minerva na nagde-demand ng return call at sa tawag ng dati niyang biyenan (dahil namayapa na ang asawa niya) ay wala nang masyadong importanteng mensahe.

Pinakinggan niyang muli ang mensahe nito. *“Hi, Will! Mom Cleo here. I hope you’re free on the last Thursday of this month. Angeli’s friends sponsored a mass for her death anniversary. Please confirm your attendance.”*

Nag-return call siya sa mobile number ng propesora.

“Hello?” Boses ng daddy ni Angeli. “Congressman Perez here. Professor Cleo is presently delivering a speech. Would you like to leave a message for her?”

“Sir, it’s William.” Mukhang hindi napansin ng matanda ang caller ID. “Confirm ko lang po ang attendance ko sa mass para kay Angeli.”

“Ah, yes. Yes. Pamisa para kay Angeli. Of course, hijo, we look forward to seeing you there. Pasensya

na, Will, gusto ko sanang makipagkwentuhan, pero masyadong busy,” sabi nito.

Marahil ay nasa meeting ng political party na naman ang mag-asawa. No wonder na ganoong buhay rin ang kinasanayan ni Angeli, palaging nasa meeting, seminar, rally, civic action, *etcetera*.

I miss you, Angeli, sweetheart. Minsan nanghihinayang ako na hindi man lang tayo nagkaanak. A son or a daughter who would grow up like you—beautiful, smart, strong-willed...

Ganoon sambahin ni William Alvear ang namayapang kabiyak na si Angeli Perez. For him she was perfect.

Isa pang tawag sa telepono ang nagpabalik sa daloy ng kanyang gunita. Ang kanyang Tita Minerva ang nasa kabilang linya.

“My gorgeous Tita, how are you?” Sinusubukan niyang lambingin ang tiyahin dahil alam niyang malapit na itong magtampo. Ilang beses na nitong binanggit sa kanya ang tungkol sa proyekto pero hindi niya napag-ukulan ng panahon. Masyado kasing naging hectic ang schedule niya. “Rest assured, darating ako diyan next week. Kahit ilang building o tulay pa ang ipagawa mo sa akin. Naging busy lang

talaga ako lately. I hope you understand, Tita.”

“Siyempre, hijo, I understand.”

“So anong design ang gusto mo, Tita? Western, European, Asian?”

“I have no idea. Kaya nga ang gusto ko, mag-stay ka muna dito for a couple of days at ikaw mismo ang mag-decide kung ano ang nababagay. And one more thing.” The old woman sighed deeply. “I want to spend some quality time with you, son.”

“Okay, I’ll be there. But make sure nasa vacation mode ka rin.” Hindi nagawang pahindian ni William ang mabait na tiyahin.

“Strictly no business, relaxation will be our priority. So we have a deal then, Will?”

“Paano kung nag-violate ka ng rule?” tanong niya.

“You can pack up and go back to your business at kahit apprentice engineer ang ipadala mo sa akin hindi ako magreklamo. *Claro?*” Bakas sa tinig ni Minerva ang kasiyahan.

“Deal.” Alam niyang mahihirapang sumunod sa usapan ang tiyahin dahil bukod sa pagiging business woman, dakilang pilantropo rin ito na ang malaking

bahagi ng kinikita ay napupunta lamang sa kawang-gawa. “See you next week.”

“Adios, hijo. Sige at aasikasuhin ko muna ang mga maiiwan kong papeles at mga tseke.”

For sure ang mga tsekeng iyon ay mapupunta na naman sa mga ‘mapapalad na kapos-palad.’

Bakit kaya may mga taong katulad ni Tita at ni Angeli? Si Tita kulang na lang i-donate ang buong kabuhayan. Si Angeli naman when she was still alive, kulang ang panahon sa pagtulong sa mga abused women and children, pag-attend sa rally at sa kung anu-anong NGO movements. Sino’ng may sabing kailangan nilang gawin ang ganoong pagpapakabayani?

Until now, naaalala pa niya ang katwiran ng asawa pag binibiro niya ito.

“It’s just a matter of principle. As simple as that, my dear husband.”

At kapag ganoong prinsipyo na ang pinaguusapan nilang mag-asawa, alam niyang kung hindi sa argumentong siya ang talo ang kauwian, malamang sa mahabang impromptu speech ni Angeli.

Sa kakaunting oras na nagkakatagpo at nagkakasama silang mag-asawa sa bahay, mas

madalas pa nilang mapag-usapan ang tungkol sa mga current events at social issues kaysa sa future plans nila para sa pamilyang bubuuin. Ayaw pang magkaanak ni Angeli dahil hindi pa raw ito handang maging ina.

“You know what, kaya lalong nalulugmok sa kahirapan ang Pilipinas is because of these corrupt officials.”

Ang mga ganoong linya ni Angeli na madalas gamitin sa mga debate at seminars ay inile-lecture din sa kanya, during their leisure time.

Maagang nagtungo si Ivy sa opisina ni Father Francis. Ipinatawag siya nito para pormal siyang maipakilala sa kaibigan nitong si Mrs. Berlinguer. Bahagya siyang kinakabahan dahil baka hindi siya magustuhan ng socialite na ginang. Hindi naman siya basta makikitira lang, magiging temporary executive assistant siya nito habang naka-maternity leave ang sadyang EA.

Ano kaya’ng hitsura ni Annabelle? Baka matapobre ’yon.

Pagdating niya sa opisina ay marami nang taong naghihintay pero isa-isang nagsilabas sa silid ang

mga iyon nang ianunsyo ng sekretarya na medyo maaantala ang pagdating ng pari dahil dumalaw sa bahay nito ang alkalde. Siya at isang mestisahing ginang na lang ang natira sa opisina.

Prenteng nakaupo sa settee ang babae na hindi kababakasan ng pagkayamot sa paghihintay.

Dayo siguro. Ngayon ko lang siya nakita dito. Mukhang mayaman. Hermes ang bag. Sosyal mag-dekuwatro.

Sa tantya niya ay nasa mid or late forties na ito, pero English romance novel pa rin ang nakikita niyang hawak. Paminsan-minsan ay sumusulyap ito sa kanya at nagkakahulihan sila ng tingin.

Nang mapansin niyang inuuri siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa ay daig pa ni Ivy ang pakiramdam ng nasa audition ng talent search. Galing pa naman siya sa grocery store kaya simpleng jeans at T-shirt lang ang suot niya.

Ina-assess yata ako kung hampas-lupa o patay-gutom. Kung alam ko lang na may critic pala akong daratnan dito, nag-dress to the nines sana ako.

Para mapagtakpan ang pagkailang ay binati na lang niya. “Hi po.” Alangan siyang ngumiti.

“Hello.” Gumanti ito ng isang genuine smile at tuluyang ibinaba sa kandungan ang binabasa. “Are you here to see Father Francis?”

Ah, hindi naman pala suplada. Mukhang mabait. “Yes po. Ipapakilala daw po niya ako sa kaibigan niya.”

“Ako naman kaya nandito ay para ma-meet ko ang ipapaampon sa akin ni Father. Hindi kaya ikaw ang batang iyon?” Tumawa ito nang bahagya.

“Wish ko lang po. Kaso ‘for exile’ po kasi ako naka-line up at hindi sa ‘for adoption.’ Ako nga po pala si Ivy Rivera.”

“Really?” parang nagulat na sabi ng ginang. *She’s charming. I like this girl.* “Minerva.” Inilahad nito ang kanang palad. “Minerva Berlinguer.”

Si Ivy naman ang nagulat. “Ho? Naku, pasensya na po kayo, Madam. Hindi ko kayo nakilala. Ang sabi kasi sa akin ni Father ay fifty-five years old na kayo at... you look ten years younger po.” Hindi siya nambobola. Totoong batang tingnan ang babae sa edad nito at malayo ang hitsura nito sa artistang iniisip niya.

“I’ll take that as a compliment,” nakangiting pahayag nito. “But please, ‘Tita’ na lang ang itawag

mo sa akin. It's perfectly fine."

Parang bahagyang gumaan ang pasanin ni Ivy nang makilala ang ginang na pansamantalang kukupkop sa kanya. Siguradong hindi ito mahirap pakisamahan. Ngayon pa lang kasi ay mukhang palagay na ang loob nila sa isa't isa.

"Huwag kang mahihiya sa akin, hija. Parang kapatid ko na si Father Francis. Kapag dumadalaw siya sa Italya noon, sa bahay naming mag-asawa siya tumutuloy. You're in good hands with me, Ivy."

"Salamat po, Tita. Eh, iyon nga po palang pagiging temporary EA ko sa inyo, baka..."

"Oh, alam kong wala kang experience. Just cross the bridge when you get there. Naka-break din naman ako ngayon sa trabaho. Charity ang main focus ko this month. I just need a sensible companion at my side."

And I've found one, naisip nito.

3

Wala pang isang linggo si Ivy sa piling ng *umampon* sa kanya ay homesick na siya. Sobrang miss na niya ang abuela at ang bahay nila. Mabait si Mrs. Berlinguer, na nakasanayan na niyang tawaging Tita Minerva, at para ngang kamag-anak ang turing nito sa kanya. Pero hindi pa rin niya maiwasang malungkot. Hindi talaga siya sanay na malayo sa lola. Pakiramdam niya ay isdang dagat siya na inilipat ng habitat, sa aquarium.

Hayun tuloy, kahit comedy ang pinanonood niya sa telebisyon ay hindi man lang siya mangiti. Dati naman masulyapan pa lang niya kahit ang cartoon na *Mr. Bean* ay nakangisi na agad siya.

“Ganito pala ang naho-homesick, bugnutin. Kapag namatay ako sa lungkot, humanda ka sa akin, Carla. Unang-una kitang dadalawin.” Mabuti na lang kahit paano ay nalilibang siya sa mga task na ipinapagawa ng amo at sa pagiging alalay nito sa pagdalo sa mga charitable events.

At ang okasyong nakatakda ngayong araw ay outing ng buong *Casa dei Bambini*. Isa iyong shelter o bahay-ampunan na co-founder si Minerva Alvear

vda de Berlinguer. Kasama sa beach resort ang staff at lahat ng batang nasa pangangalaga ng shelter.

Maaga pa ay narating na nila ang *Blue Haven Resort* sa Batangas na isa sa mga properties ni Minerva. Originally, isa iyong bahay-bakasyonan at napansin lang ang potential nang mag-boom ang beach resort businesses sa lugar. Hindi na giniba ang bahay, nagtayo na lamang ng annex sa tabi nito na ginawang lodging house. From private *casa azul* ay naging *Blue Haven Resort* na ito.

Blue ang dominant color ng dalawang palapag ng bahay-bakasyonan. From dark blue to the palest shade of blue kaya tinawag itong *casa azul* ng late husband ni Minerva. Isinunod din sa kulay nito ang lodging house at pavilion, lamang ay may combination na ng light yellow.

Sa harap ng lodging house ay isang open pavilion na mayroong 150 plus person capacity. Perfect venue para sa mga maliliit na gatherings tulad ng seminars, wedding, parties, etc.

“Kay-panglaw naman ng lugar na ito. Siguro magiging masaya rin mamaya pagdating ng mga bata. Hindi ko yata kayang tumagal dito nang one week...” Iginala niya ang tingin sa malawak na bakuran ng resort.

Pansamantalang itinigil ang business operation dahil sa napipintong pag-demolish sa lodging house. Balak ni Minerva na i-expand ang services ng resort.

Mag-isa siyang naglalakad sa dalampasigan dahil medyo out of place siya. Hindi siya maka-relate sa usapan ni Minerva at ng mga mayayamang amiga nito.

Nakita niyang kinakawayan siya ni Minerva sa di kalayuan. Lumapit siya at napansing biglang natuliro ang mga matronang kanina lang ay relaxed na relaxed at parang mga emperatris na pinapaypayan ng mga alipin.

“Do you have any idea kung paano magmumukhang banquet hall ang pavilion na ito? Darating after lunch sina Congressman Tolentino at ang kanyang mga constituents. It’s a surprise visit,” ani Minerva.

Magdo-donate umano sa *Casa dei Bambini* ang nasabing pulitiko at magbibigay ng regalo sa mga bata, kaya for sure may kasamang press people.

“Hindi puwedeng mai-document ang event ng ganito ka-boring ang venue,” narinig niyang aligagang pahayag ng isang tsinitang ginang na halos manilaw ang kamay sa suot na alahas.

“Correct! Baka isipin ni Congressman kung saan-

saan natin dinadala ang donations niya at hindi man lang natin mabigyan ng disenteng program ang mga bata,” sambot ng isa pa.

“If we get through this, remind me to treat you to a shopping spree in Hong Kong,” desperadang pangako ng ginang na mukhang Espanyola.

Hinila siya sa isang sulok ni Minerva at iniwan nila ang mga matronang di malaman kung brainstorming conference ang ginagawa o complaining session lang.

“Wala kasi ang manager ko. Pinag-attend ko ng month-long training-seminar sa Hotel and Restaurant Management para mag-improve ang performance at maka-cope siya sa gusto kong mangyaring pagbabago sa resort.”

Inilahad ni Ivy ang kanyang mga suggestions na agad tinanggap ni Minerva. Kailangan nila ng fresh flowers, table cloth, curtains at iba pang gamit na puwedeng gamitin para sa decorations. Magagamit niya yata ang knowledge na natutunan sa TLE subject na isang dekada na yatang na-stock.

“Oh, dear, thanks for the idea. Tama si Father Francis, you’re an angel, Ivy.” Iniabot nito sa kanya ang cell phone. “Please call the number named

William. He's my nephew. Sabihin mong dumaan muna siya sa flower shop sa bayan bago tumuloy rito. Maghahalungkat kami sa bodega ng mga puwedeng magamit natin."

Iyon lang at iniwan na siya nito at tatawagin daw sina Ka Ponso at Aling Trining na katiwala sa lugar.

Hindi masyadong maganda ang araw ni Engineer William Alvear. Wala pang tanghali pero pagod na siya. He was exhausted. And pissed off.

Paano ba naman, puro nakakainit ng ulo ang mga taong na-encounter niya at ipinagpasalamat niyang hindi siya high blood, dahil kung nagkataon ay kanina pa siya inatake.

Sa tinutuluyang condo unit pa lang ay nag-umpisa na ang malas ng araw na ito. Ang stay-out house helper na kinontrata niya ay nasunog sa plantsa ang paborito iyang polo at hindi na nga nakapaglinis, bumale pa ng sweldo. Iniwan tuloy niyang parang dinaanan ni *Yolanda* ang bahay niya.

Pagkatapos ay dumaan siya sa opisina ng *Eagle Builders* para sa ilang dokumento, pero nag-abot sila ni Ramon at kinantiyawan siyang may wild river rafting na daw pala sa Batangas. Dumagdag pa

ang isang empleyado na naibangga ang OB van ng kumpanya dahil nagmaneho nang lasing. Pagkatapos, naipit siya sa traffic bago pumasok sa *SLEX*.

Akala ni William ay tapos na ang kanyang serye ng kamalasan, pero nakatanggap siya ng tawag mula sa inefficient assistant ng Tita Minerva niya. That became the perfect cherry on top of the series of exasperating and unfortunate events.

“Hello, Tita?” Inakala niyang ang tiyahin ang nasa kabilang linya. Inihimpil niya pansamantala sa gilid ng kalsada ang kotse.

“Busy po si Tita Minerva. Pinatawagan lang kayo para sabihing dumaan kayo sa flower shop sa bayan. Nagpapabili siya ng fresh flowers.”

“What kind of flowers?” Walang emosyong tugon ni William pero pinakikinggan niyang mabuti ang tinig ng babae sa kabilang linya. Hindi ito ang boses ni Teresa na EA ng tiyahin niya. Malamang ang babaeng kausap niya ay ang temporary EA na ipinagmamalaki nito.

Let's see how efficient you are.

“Fresh flowers nga po.”

“Of course, fresh flowers. Kasasabi mo lang,

di ba?” Kung kaharap lang niya ang kausap baka nabatukan niya ito. “What I mean is anong variety, color or whatever!” Obvious na ang pagkayamot sa tinig niya.

Hindi naman nagpatalo ang kausap na halatang na-offend sa kasungitan niya. “Eh, di sana ginamit mo ang word na *variety* at hindi *kind* sa pagtatanong mo,” sagot nito na hindi malaman kung nang-iinis lang o sadyang may pagka-engot.

“Look, Miss *Whoever-you-are*, I’m quite exhausted, kung naghahanap ka ng mapagtritripan, spare me.”

Tila napikon na tumugon ang kausap.

“Mr. *Whoever-you-are-din*, I called you because Tita Minerva told me so. Kung ayaw mong may kumakausap sa iyo, di goodbye!”

Sasagot pa sana siya pero nawala na sa linya ang kausap. “Crazy!”

Wala siyang ideya kung anong uri ng bulaklak ang bibilhin. Hinintay niyang tumawag muli ang tiyahin pero bigo siya kaya naiinis man ay siya na ang nag-dial ng numero nito.

“O, malamig na ang ulo mo?” bungad ng kausap niya kanina. Sa pagtataka niya, kahit napaka-

unprofessional ng dating sa kanya ng ginawa nito at talagang nakakainit ng ulo, there was something in her gentle voice that soothed his anger.

“Si Tita ang gusto kong makausap, not you,” ganti niya. Samantala, sinadya yata talaga ng babae na iparinig sa kanya ang sinabi nito kay Minerva.

“Kayo na nga po ang kumausap dito sa masungit at arogante ninyong pamangkin.” Naulinigan niya ang amused na pagtawa ng tiyahin.

Then he heard Minerva’s voice. “Will, hijo, mainit na naman ang ulo mo.”

“Iyon ba ang bago mong secretary, Tita? Fire her, napaka-inefficient.”

“She’s a nice girl. You should meet her.”

“Nice? Imposible. Anyway, ’yung tungkol sa ipinabibili mong bulaklak.”

“Ah, yes. Sandali, itatanong ko lang sa Tita Corazon mo. She’s going to be the flower arranger.”

He could not believe na nag-hire ng ganoong uri ng EA ang metikulosang tiyahan. He tried to picture the crazy lady’s face in his mind. Nahirapan siya dahil kahit na nakakainit ng ulo ang inasal nito sa telepono, sweet at sexy pa rin ang dating ng boses

nito sa kanya.

“Hello, Mr. Engineer, are you still there?”

“Yes,” tipid niyang tugon.

So it's the crazy lady again.

“Better grab a pen and paper dahil hindi ko na uulitin ang very detailed information na hinihingi mo. Ready?”

Unconsciously, para siyang grade one pupil na humanda sa dictation ng teacher. Inabot niya ang notebook planner at ang ballpen.

“Go.” *Humanda ka sa akin mamaya.*

“Three bundles of asper or angel’s breath. Five dozens of Malaysian mums in assorted color. Three bundles of fern leaves or fish tail leaves if there are no fern leaves. Ten pieces of floral foam, eight inches in length. One dozen African daisies, any color available. And for the lei materials, Five meters of silk ribbon, one inch wide, powder blue and two bunches of calypso or cattleya orchid. Do you need me to send you a text message of the same, Mr. Engineer?”

“That won’t be necessary. Goodbye,” aniya sa atribidang babae, hindi man lang nagpasalamat.

Masungit pala, ha.

Nang muli niyang paandarin ang kotse, saka niya na-realize na naisahan siya ng tiyahin. Kanina lang kasi ay sinabi nito na magkakaroon ng maikling program at isa siya sa mga guests of honor.

“She knows that I hate mingling with politicians.” Kung hindi dahil sa impluwensya ng mga politicians sa buhay ni Angeli, their married life would have been more harmonious.

Journalist si Angeli sa pinakamalaking television network sa bansa. Siya naman ay may posisyong hawak sa shipping business ng ama. Pareho silang busy. Still, Angeli had been a good wife. Malambing at maasikaso, basta may natirang time para sa kanya.

Nagsimula lang itong magbago nang mahaling sa pulitika. Iminungkahi nitong maghiwalay muna sila para makapag-concentrate ito sa political career. Sa sobrang pagmamahal sa asawa ay hindi niya nakuhang magalit. Sa katunayan, patuloy siyang umasa na magkakabalikan pa rin sila pero hanggang sa nakamatayan na nito ay hindi na nangyari iyon.

Na-depress siya sa paghihiwalay nilang mag-asawa. Kaya naghanap siya ng mapaglilibangan na pagbubuhusan niya ng atensyon at panahon. Naisip

Love in Exile - Alexie Aragon

niyang makisosyo sa negosyong binabalak ng mga kaibigan. And the rest was history.

Hindi na siya nag-asawa muli. Three years nang wala si Angeli.

Nagkaroon siya ng girlfriend, si Jessie. Inalok niya ang babae ng kasal, pero tinanggihan nito. Ang rason ay katulad ng kay Angeli. Ayaw nito ng may asawang distraction sa career. Kaya naman hesitant na siyang sumuong sa panibagong relasyon.

Nagkaroon siya ng paniniwala na ang mga babae ay makasariling magmahal, na di magagawang magsakripisyo dahil mas mahalaga sa kanila ang career.